


# Sining sa Bus

**Paligsahan sa Sining para sa mga Estudyante sa Baitang 1 hanggang 12 sa San Mateo County**

## 2026/2027 tema:

**Mga Pang-araw-araw na Bayani. Pambihirang Komunidad.**

*Sino ang nagpapabuti sa inyong komunidad araw-araw? Isipin ang mga taong tumutulong, nagtuturo, lumilikha, nagpoprotekta, nagpapagaling, nagtatayo, nagtatanim, o nagbibigay-inspirasyon sa iba. Maaaring isa silang guro, traffic aide, operator ng bus, tagapag-alaga, artista, nars, mekaniko, bumbero, librarian, empleyado sa grocery, coach, magsasaka, siyentipiko, o miyembro ng sarili mong pamilya.*

Gumawa ng likhang-sining na ***nagbibigay-pugay sa isa o higit pa sa inyong mga pang-araw-araw na bayani at nagpapakita kung paano tinutulungan ng SamTrans na pag-ugnayin ang mga tao, lugar, at komunidad***. *Ipakita kung paano nakatutulong ang transportasyon upang makarating ang mga pang-araw-araw na bayani sa mga lugar kung saan sila kinakailangan at mapanatiling konektado ang ating komunidad.*

**MGA ALITUNTUNIN SA PAGLAHOK:** Ang likhang-sining ng mga mag-aaral ay hahatulan laban sa iba pang kalahok na nasa parehong baitang. Ang likhang-sining ay dapat orihinal at **mga estudyante lang** ang dapat gumawa nito.

- ☐ Maaaring magsumite ang mga estudyante ng isang likhang-sining. Maaaring magsumite ang mga paaralan ng hanggang 50 likhang-sining.
- ☐ Dapat nakasulat sa likod ng likhang-sining ang pangalan ng estudyante, baitang, paaralan, at guro.
- ☐ Dapat makikita ang 'SamTrans' sa anumang paraan. (sa loob o labas ng bus, logo, hintuan ng bus, mga pasahero, operator ng bus, atbp.).
- ☐ Kung gagamit ng mga gusali o landmark, dapat ay matatagpuan ang mga ito sa San Mateo County.
- ☐ Ang likhang-sining ay dapat gawin sa **9 pulgada ang taas × 12 pulgada ang lapad** na puting papel at naka-horizontal upang magkasya sa scanner na gagamitin sa paggawa ng wrap.
- ☐ *Walang eksepsiyon - ang mga isusumiteng hindi nakatutugon sa mga kinakailangang ito ay madi-disqualify*.

Upang makita ang mga likhang-sining ng mga nagdaang nanalo, bisitahin ang: SamTrans 25/26 Sining sa Bus

**MEDIA:** Maaaring gumamit ng pintura, krayola, felt pen, pastel, collage, at mixed media.

- ☐ Kinakailangang gumamit ng kapansin-pansin at matingkad na kulay! Iwasang gumamit ng colored pencils at huwag mag-iwan ng maraming puting espasyo sa papel.
- ☐ Tinatanggap ang orihinal na likhang-sining na ginawa gamit ang digital media (Illustrator, Photoshop, atbp.). Ang mga kulay na ipinapakita sa digital na likhang-sining ay para lamang gawing sanggunian at maaaring hindi eksaktong tumugma sa magiging huling naka-print na produkto dahil sa pagkakaiba-iba ng proseso ng pagpi-print. *HINDI TINATANGGAP ANG LIKHANG-SINING NA GINAWA GAMIT ANG GENERATIVE AI.*

**FORM NG PAHINTULOT:** Lahat ng likhang-sining ay dapat na may kasamang Form ng Pahintulot na nasa susunod na pahina. Dapat lagdaan ng legal na tagapag-alaga ang form para sa bawat kalahok na estudyante. Mangyaring magpadala ng email kay **Allison Gamlen sa** agamlen@smcoe.org kung mayroon kayong mga katanungan.

**PAGSUSUMITE:** Lahat ng isusumite (kabilang ang digital) ay dapat ihatid nang PATAG (hindi nakarolyo o nakatiklop) kay [Allison Gamlen, San Mateo County Office of Education, 101 Twin Dolphin Drive, Redwood City], **hanggang Disyembre 4, 2026, ng 5 p.m.**

**PAGMAMARKA:** Lahat ng isinumite ay bibigyan ng marka batay sa pagiging malikhain, husay sa sining, at interpretasyon ng tema. Pinal ang lahat ng desisyon. Aabisuhan ang mga mananalo sa pamamagitan ng e-

mail.

**PAGKILALA:** Kabuuang labindalawang mananalo ang pipiliin. Pararangalan ang mga mananalo sa **Sining sa Bus** na event na gaganapin sa **Mayo 2027.** Lahat ng likhang-sining ay ipapakita sa SMCOE. *Hindi na ibabalik ang mga likhang-sining.*

# Form ng Pahintulot

*Dapat isumite ang likhang-sining kasama ang kumpletong form ng pahintulot upang maisaalang-alang.*

*(PAKI-PRINT NANG MALINAW)*

| | | |
|---|---|---|
| ____________________ | ____________________ | ______ |
| Pangalan | (Mga) Apelyido | Grado |
| ____________________ | ____________________ | |
| Paaralan | Distrito | |
| ____________________ | ____________________ | |
| Guro | Email Address ng Guro | |

Ako si, _________________________, ay nagbibigay at nagkakaloob sa San Mateo County Transit District ng libre at walang limitasyong karapatang gamitin, ipamahagi, ilathala, at muling ilathala, para sa anuman at lahat ng layunin sa balita, kalakalan, publisidad, komersyal, o iba pang pag-aanunsiyo, ang likhang-sining na isinumite ng aking anak na nakapangalan sa itaas para sa ***2026/2027 Sining sa Bus*** na paligsahan. Nauunawaan ko na hindi na ibabalik ang likhang-sining.

| | |
|---|---|
| ______________________________ | ____________ |
| Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga | Petsa |

__________________________________________________

E-mail Address

__________________________________________________

Numero ng Telepono